4

# Sagutang Papel Sa Filipino 4

Kuwarter 3

Aralin 7



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel sa Filipino 4**
**Kuwarter 3: Aralin 7 (Linggo 7)**
**T.P. 2023-2024**

Ang kagamitang panturong ito ay nakalaan sa mga guro para sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024- 2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**:
- Lilybeth C. Agno (Mariano Marcos State University)

**Tagasuri**:
- Jasper P. Lomtong  (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Center for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 4 | **Kuwarter** | Ikatlo |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Pang-uring Pamilang na Panunuran | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Gawain Bilang 1: Pagtukoy sa Pang-uring Pamilang na Panunuran (10 minuto)**

**II. Layunin:** Natutukoy ang mga pang-uring pamilang na panunurang ginamit sa talata.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Lapis at Papel

**IV. Panuto:** Salungguhitan ang mga pang-uring pamilang na panunurang ginamit sa talata.

**Si Regine**

Ang unang naging matalik kong kaibigan na si Regine ay nagkasakit ng Dengue at binawian ng buhay. Siya ang pang-apat na anak sa pamilya. Lubos na nalungkot ang kaniyang mga magulang at ang kaniyang mga kapatid, lalo na si Bing, ang ikalawa sa huling kapatid niya. Sila kasi ang palaging magkasama at magkalaro. Kaya palagi siyang umiiyak mula sa unang araw hanggang sa huling araw ng lamay ng kaniyang ate. Sa araw ng libing, narinig niya sa simbahan na hindi sila dapat mawalan ng pag-asa o malungkot dahil darating ang araw na sila'y magsasama-samang muli bilang isang buong pamilya.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 4 | **Kuwarter** | Ikatlo |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Pagpuno sa A-G-N Tsart | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 2:** Pagpuno sa A-G-N Tsart (20 minuto)

II. **Layunin:** Natutukoy ang mga alam na, gustong malaman, at natutuhan tungkol sa mga paniniwala at mga kuwentong kababalaghan at naisusulat nang maayos ang mga ito sa A-G-N Tsart.

III. **Mga Kailangang Materyales:** Lapis at Papel

IV. **Panuto**: Ipagpatuloy ang paglalagay ng mga impormasyon sa A-G-N Tsart na sinimulang gawin sa nagdaang linggo (Aralin 6). Ang huling hanay na (Nalaman Ko) ang pupunan at dagdagan ang ibang bahagi.

| A-ALAM KO | G-GUSTO KONG MALAMAN | N-NALAMAN KO |
|---|---|---|
| | | |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 4 | **Kuwarter** | Ikatlo |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Pagninilay sa Pagkatuto | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Gawain Bilang 3: Pagninilay sa Pagkatuto (20 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

- Nakapagninilay sa nangyaring pagkatuto at naisusulat ang mga naiisip o nadarama kaugnay ng katatapos na aralin.

**III. Mga Kailangang Materyales**

Lapis at Papel

**IV. Panuto:** Isulat sa ikatlong hanay ang sagot mo sa bawat tanong tungkol sa iyong sariling karanasan, kaisipan, damdamin, at nais gawin kaugnay ng mga paksa sa Aralin 7.

| | | |
|---|---|---|
| Ano ang iyong… | karanasan tungkol sa pagkamatay ng isang taong malapit sa iyo? | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| | naramdaman sa karanasang ito? | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| | ginagawa upang hindi ka masyadong malungkot sa karanasan mong ito? | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| | naramdaman habang binabasa, pinakikinggan o pinanonood ang karanasan ng iba tungkol sa multo? | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| | gagawin matapos mong malaman ang ganitong kababalaghang nangyari sa iba? | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 4 | **Kuwarter** | Ikatlo |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Pagbuo ng Pasulat na Pasalaysay/Pang-uring Pamilang na Panunuran | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 4: Pagsusulit (30 minuto)**

II. **Mga Layunin:**
- Naibibigay ang mga detalye ng bahagi ng kuwento.
- Naisusulat sa pangungusap at talata ang salaysay ng sariling karanasan.
- Nagagamit nang wasto ang mga pang-uring panunuran na pamilang.
- Nababaybay nang wasto ang mga pang-uring panunuran na pamilang.

III. **Mga Kailangang Materyales**
Lapis

IV. **Panuto:** Naranasan mo na bang matakot sa multo subalit nalabanan mo rin ito? Ano-ano ang ginawa mo? Isalaysay ang iyong naging karanasan. Gamiting gabay ang mga tanong na naibigay para sa bawat bahagi ng iyong kuwento. Isulat muna sa patlang ang iyong sagot para sa bawat bahagi.

**Simula:**

Kailan ito nangyari? ______________________________________________

Saan ito nangyari? ______________________________________________

Bakit ka nakaramdam ng takot? ________________________________________

**Gitna:**
Paano mo nilabanan ang takot? Isalaysay nang maayos ang magkasunod-sunod na ginawa mo. Gumamit ng mga pang-uring pamilang na panunuran.

Ano ang unang ginawa mo? Gamitin sa iyong pangungusap ang angkop na pang-uring pamilang na panunuran. Baybayin ito nang tama. Isalaysay din nang maayos ang iyong ginawa.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Ano pa ang ginawa mo? Gamitin sa iyong pangungusap ang angkop na pang-uring pamilang na panunuran na may panlaping *ika-*. Baybayin ito nang tama. Isalaysay din nang maayos ang iyong ginawa.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Ano pa ang ginawa mo? Gamitin sa iyong pangungusap ang angkop na pang-uring pamilang na panunuran na may panlaping *pang-* Baybayin ito nang tama. Isalaysay din nang maayos ang iyong ginawa.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Ano ang huling ginawa mo? Gamitin sa iyong pangungusap ang angkop na pang-uring pamilang na panunuran. Baybayin ito nang tama. Isalaysay din nang maayos ang iyong ginawa.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Wakas**

Ano ang naramdaman mo pagkatapos at ano ang maipapayo mo sa mga batang tulad mo na natatakot din sa multo?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Pagsama-samahin ang mga sagot mo upang mabuo ang isang sulatin. Ang bawat bahagi ng kuwento mo ay isulat mo sa isang talata (isang talata para sa simula, isa para sa gitna, at isa para sa wakas).

Rubrik sa Pagpupuntos sa Pagsulat

| Pamantayan | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | Pasado (2) | Nangangailangan ng Pagpapabuti (1) |
|---|---|---|---|---|
| Pagsunod sa Balangkas ng Kuwento | Nasunod nang lubos ang naibigay na balangkas. | May isang bahaging hindi tumugon sa balangkas. | May dalawang bahaging hindi tumugon sa balangkas. | Walang nakikitang pagtugon sa balangkas na naibigay. |
| Paggamit ng mga Pang-uring Pamilang na Panunuran | Walang mali sa paggamit ng pang-uring pamilang na panunuran. | May isang mali sa paggamit ng pang-uring pamilang na panunuran. | May dalawang mali sa paggamit ng pang-uring pamilang na panunuran. | Walang tama sa paggamit ng pang-uring pamilang na panunuran. |
| Pagbabaybay sa mga Pang-uring Pamilang na Panunuran | Wasto ang pagkakabaybay ng lahat ng ginamit na pang-uring pamilang na panunuran. | May isang pang-uring pamilang na panunurang hindi nabaybay nang tama. | May dalawang pang-uring pamilang na panunurang hindi nabaybay nang tama. | Mali ang pagkakabaybay ng lahat ng ginamit na pang-uring pamilang na panunuran. |
| Pagsasalaysay sa mga Pangyayari | Maliwanag ang bawat detalye ng lahat ng mga pangyayaring nailahad. | May isang bahaging hindi maliwanag. | May dalawang bahaging hindi maliwanag. | Hindi maliwanag ang anomang pangyayaring nailahad. |
| Pagkakasulat sa Kabuuan ng Salaysay | -Naisulat sa isang talata ang bawat bahagi ng salaysay.<br><br>-Nasunod ang wastong ayos ng mga bahagi (simula-gitna-wakas)<br><br>-Nasunod ang wastong pormat sa pagsulat ng talata. | May isang hindi natugunan nang tama sa mga nabanggit na indikeytor sa unang hanay. | May dalawang hindi natugunan nang tama sa mga nabanggit na indikeytor sa unang hanay. | Tatlo o mas marami pa ang hindi natugunan nang tama sa mga nabanggit na indikeytor sa unang hanay. |